
Ang Pinagsamang Distrito ng Pagmementena ng Imburnal (Consolidated Sewer Maintenance District, CSMD) ng Los Angeles County ay pinangangasiwaan ng Public Works ng Los Angeles County.

**Pinaglilingkuran at kasama sa sistema ng CSMD ang:**

- **500,000+** parcel
- **2 milyon+** tao sa loob ng mga hindi kabilang na lugar ng county *(hindi kasama ang Marina del Rey)*
- **37** miyembrong lungsod
- **4,600 milya** ng mga tubong daluyan ng nagamit na tubig
- **87** istasyon ng pagbomba ng tubig
- **4** na planta ng paglinis sa maruming tubig



## ANG AMING LAYUNIN

Mga tao sa Los Angeles na namumuhay sa ligtas, malinis, at napapanatiling kapaligiran.

## ANG KALALABASAN

Alisin ang mga pag-apaw ng imburnal.

## IBUOD NATIN!

- Nagbibigay ang LA County Public Works ng mga serbisyong pagmementena ng imburnal para sa mga hindi kabilang na lugar ng county at 37 miyembrong lungsod.
- Sa kaso ng pag-apaw ng imburnal o anumang emerhensiyang nauugnay sa imburnal, tumawag sa Public Works sa **1-800-675-HELP (4357).**
- Ang kalusugan ng publiko, mga lugar ng libangan, mga likas na espasyo, pangkalahatang imprastruktura, at mga negosyo ay direktang naaapektuhan at umaasa sa mga serbisyong pagmementena ng imburnal.
- Nagbibigay ang Public Works ng maraming mahahalagang serbisyo sa komunidad, kabilang ang nagpapatuloy na pagmementena ng imburnal na pumoprotekta sa kalusugan ng publiko at sa kapaligiran para manatiling ligtas ang ating mga komunidad.

Public Works
LOS ANGELES COUNTY

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

**Mga Tanong:**
CSMD@pw.lacounty.gov

**Mga komento/tanong kaugnay ng Pangkalahatang Pagmementena ng Imburnal:**
1-626-300-3399

**HELP line sa Pag-apaw ng Imburnal:**
1-800-675-HELP (4357)

**Alamin ang higit pa tungkol sa LA County Public Works sa:**
**bit.ly/PublicWorks-SMD**



Public Works
LOS ANGELES COUNTY

# LOS ANGELES COUNTY PUBLIC WORKS

***BISYON:*** *Maging pinaka-mapagkakatiwalaang ahensiya ng publiko sa rehiyon.*

***MISYON:*** *Kami ay nagpaplano, nagdidisenyo, nagtatayo, at nagmementena ng makabagong imprastruktura na nagpapatibay sa lahat ng komunidad ng Los Angeles County.*

***Narito ang Los Angeles County Public Works para tumulong!***

## Kumikilos upang mabawasan ang mga pag-apaw ng imburnal, pinoprotektahan ang kalusugan ng ating mga komunidad, at ang kapaligiran.

Kapag hindi namementena ang mga sistema ng imburnal, maaari itong maging sanhi ng mga pagbara, pagbaha, at polusyon.

Ang pagmementena ng sistema ng imburnal at pagprotekta sa kaligtasan ng publiko ay nangangailangan ng mga aksyon sa tatlong antas: **malawakan**, **lokal**, at **indibidwal**.



## Mga Malawakang Aksyon

### Anong mga malawakang aksyon ang ginagawa ng Public Works para mamentena ang sistema ng imburnal?

Ang pagpalya ng sistema ay maaaring mula sa mga pagpalya ng istasyon ng pagbomba ng tubig hanggang sa mga pag-apaw ng tubong daluyan ng nagamit na tubig. Mahalaga ang tamang pagmementena para sa malinis na kapaligiran at malusog na lipunan.

Nakatuon ang LA County Public Works sa pakikipagtulungan sa County at mga lokal na katuwang upang mamentena at mapahusay ang kasalukuyang antas ng serbisyo para sa lahat ng kostumer sa pagmementena ng imburnal, mula sa nagpapatuloy na mga operasyon at pagmementena hanggang sa pagkakaloob ng 24/7 na mga pang-emerhensiyang serbisyo.

Mahalaga ang mga serbisyong pagmementena ng imburnal sa pagprotekta sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran at pagpapanatili sa ating mga komunidad na ligtas.

Alamin ang higit pa tungkol sa LA County Public Works at mga madudulugan na malapit sa iyo sa: **bit.ly/PublicWorks-SMD**



## Mga Lokal na Aksyon

### Anong mga aksyon ang ginagawa ng Public Works sa lokal na antas upang mabawasan ang mga pag-apaw ng imburnal, mga pagbara, at polusyon at maprotektahan ang kalusugan ng tao?

Mahalaga ang tamang pagmementena ng imburnal upang manatiling ligtas ang ating mga komunidad at kapaligiran. Direkta nitong naaapektuhan ang kalusugan ng publiko, mga lugar ng libangan, likas na espasyo, imprastruktura, at mga lokal na negosyo.

Narito ang LA County Public Works upang maglingkod sa komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang serbisyo sa pagmementena ng imburnal. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:

- **Pagmementenang pang-iwas** na maagap na isinasagawa sa sistema ng imburnal sa hangaring bawasan ang posibilidad ng pagpalya, bawasan ang hindi inaasahang downtime, at pagpapatagal sa kapakinabangan ng sistema.
- **Natitipon na Gastos sa Kapital at Pagtatasa sa Kondisyon** na gumagamit sa ating mga mapagkukunan at teknolohiya upang matiyak na gumagana nang maayos ang sistema ng imburnal ngayon at sa hinaharap.
- Ang **24-na-Oras na Tugon sa Emerhensiya at Paghingi ng Serbisyo** ay mabilis at maayos na tinutugunan sa panahon ng mga emerhensiya sa imburnal na mula sa mga pagpalya ng bomba ng tubig hanggang sa mga pag-apaw ng imburnal.



## Mga Aksyon ng Indibidwal

### Ano ang maaari mong gawin para tumulong na mamentena ang sistema ng imburnal at maiwasan ang mga emerhensiyang nauugnay sa imburnal?

Maraming emerhensiyang nauugnay sa imburnal ang maiiwasan sa tulong mo! Ang mga ito ay mga aksyon na puwede mong gawin upang matulungan ang Public Works na imentena ang sistema at mapanatiling ligtas ang iyong sarili at ang iba:

- Hanapin ang iyong house lateral *(ang tubong nagdadala ng maruming tubig mula sa iyong bahay patungo sa pampublikong pangunahing linya ng tubong daluyan ng nagamit na tubig)* at ang linya ng imburnal kung saan ka nakakonekta sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng public works o sa LA County Public Works.
- Imentena ang iyong house lateral:
  - Huwag magbuhos ng Sebo, Mantika, at Langis sa paagusan!
  - Regular na ipalinis at ipaputol sa isang kontraktor ang mga ugat mula sa iyong lateral.
  - Maglaan ng regular na pagmementena para sa iyong sewer backwater valve.
- Magbantay para sa mga babalang senyales ng sewer backup:
  - Mga basement back up sa pamamagitan ng mga paagusan sa sahig o iba pang basement fixture.
  - Mga pira-piraso ng basura sa paligid ng paagusan sa sahig o sa washtub.
  - Pana-panahong mabagal na pag-agos sa mga paagusan o kubeta.
- Makipag-ugnayan agad sa Public Works sa **1-800-675-HELP (4357)** kung umapaw ang imburnal.

### Mga Sanggunian:

*Mga responsibilidad ng may-ari ng bahay sa pagmementena ng imburnal*

*Interaktibong mapa ng mga aktibidad sa imburnal sa iyong lugar*